Fact Sheet 3 - Tagalog

Papel-Kaalaman 3

# Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay ng Kasarian at Paggalang

**Ang lipunan ng Australya ay itinatag batay sa katarungan, oportunidad at pagpapasya para sa lahat. Binibigyang-halaga natin ang pagkakapantay-pantay ng mga kalalakihan at kababaihan, at lahat ay may karapatang mamuhay nang walang karahasan.**

**Ang pagkamit ng pagkakapantay-pantay ng kasarian ay makakahadlang sa karahasan laban sa mga kababaihan. Nakagawa na ng mahalagang pagsulong ang Australya sa mga kalilipas na mga dekada tungo sa pagkamit ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.**

### Pagkakapantay-pantay ng kasarian sa Australya

Ang mga Pamahalaang Australya at South Austalia ay nagtutulungan kasama ng mga indibidwal, pamilya, komunidad, lugar ng trabaho, negosyo, at grupong pangrelihiyon upang magtatag ng mga kultura ng paggalang at pagkakapantay-pantay upang tulungang mahadlangan ang DFSV (Karahasan sa tahanan, pamilya at karahasang-sekswal).

Ang South Australia ang unang lugar sa Australya at pang-apat sa mundo na nagbigay sa mga kababaihan ng karapatang bumoto. Ito rin ang unang lugar sa mundo na nagbigay ng oportunidad sa mga kababaihan na mahalal sa Parlamento at lumahok sa paghugis ng ating lipunan bilang mga pinuno at tagagawa ng desisyon.

Ang mga batas ng Australya at South Australia ang nagtaguyod ng pagkakapantay-pantay ng oportunidad, humadlang sa diskriminasyon, pumigil ng masamang palagay (prejudice), at nagpalahok sa mga tao sa ating pampubliko, pangkabuhayan, at panlipunang pamumuhay.

Sila rin ang nagbigay sa mga kababaihan ng legal na proteksyon laban sa diskriminasyon sa kasarian at panliligalig na sekswal.

Ang mga batas na ito ay nangahulugan na ang mga kababaihan ay may karapatang:

- maging independiyente sa pananalapi sa pamamagitan ng pagkita at pagkontol ng sarili nilang kita;
- magtrabaho sa anumang gawain;
- balansehin ang trabaho at ang mga responsibilidad sa pangangalaga, sa pamamagitan ng mga karapatan gaya ng may bayad na parental leave; at
- mamuhay nang walang diskriminasyon sa kasarian at panliligalig.

Sa Australya, lahat ay may karapatang mag-ambag at makilahok nang pantay-pantay. Lumalahok ang kababaihan sa lahat ng larangan ng lugar ng trabaho, na nagbibigay-inspirasyon sa iba pang mga kababaihan at batang babae na makamit ang pangkabuhayang kapangyarihan.

Ang pag-abot ng mga kababaihan sa kanilang potensyal bilang mga pinuno at tagagawa ng desisyon ay mahalaga rin upang makamit ang pagkakapantay-pantay ng kasarian.  Ang Pamahalaang South Australia ay namumuno sa pamamagitan ng halimbawa, nagpapanatili ng 50 porsyento ng kumakatawang mga kababaihan sa mga lupon at komite nito.

Ang nakamit ng mga kababaihan sa larangan ng isport ay ipinagdiriwang sa buong Australya at ang popularidad ng mga isport para sa mga kababaihan ay patuloy na lumalago, lalo na nang simulan ang piling AFLW (Australian Rules Football League) para sa mga kababaihang manlalaro.

Ang mga karapatan at inaasahang ito ay tumutukoy para sa lahat ng naninirahan sa Australya.

**Pagkakapantay-pantay ng kasarian at DFSV**

Ipinapakita ng pananaliksik na ilang mga paniniwalang nagdidiskrimina at nakakapinsala ang umaambag sa DFSV:

- Hindi pagkakapantay-pantay ng mga kalalakihan at kababaihan;
- Mga inaasahan at nakapirming mga ideya tungkol sa mga ginagampanang papel ng mga kalalakihan at kababaihan; at
- Mga saloobing panlipunan na nagbibigay-dahilan sa karahasan ng mga kalalakihan sa mga kababaihan.

Ang mga paniniwalang ito ay maaaring humantong sa pagtrato sa mga kababaihan nang may kulang na paggalang at dignidad sa kanilang pakikipagrelasyon at sa lipunan.

Ang paghamon sa mga paniniwalang ito at pagbabago sa mga kaugnay na pag-aasal ang susi sa pagkamit ng pagkakapantay-pantay ng kasarian at pagbawas sa DFSV.

**Ano ang aking magagawa?**

Ang mga palagay, paniniwala at pag-aasal na sumusuporta sa karahasan laban sa mga kababaihan ay natutunan, ngunit dapat hamunin at maaaring mabago.

Ang mga indibidwal at komunidad ay humahamon sa mga paniniwalang nakakapinsala at gumagawa ng aksyon upang hadlangan ang di-angkop at mapang-abusong pag-aasal sa pamamagitan ng:

- Paggawa ng mga inisyatibo na magtataguyod ng paggalang sa mga kalalakihan at kababaihan;
- Paggawa ng aksyon upang hikayatin ang pagkakapantay-pantay at paggalang;
- Paglikha ng kamalayan ng DFSV;
- Pagkakaroon ng talakayan tungkol sa DFSV; at
- Pagbuo ng mga pagsasamahan at pagtataguyod para sa pagbabago upang patibayin ang kanilang gawain upang hadlangan ang DFSV.

Ang bawat isa sa atin ay may papel na magagampanan. Magkakasama, matutulungan nating mahadlangan ang DFSV.

Ito ay isa sa 4 na Papel-Kaalaman tungkol sa DFSV. Upang alamin ang higit pa tungkol sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay at paggalang, tingnan ang Papel-Kaalaman 4. Ang karagdagang impormasyon sa pagkilala at pagtugon sa DFSV ay makukuha sa Papel-Kaalaman 1 at 2.